

Impormasyon para sa mga taong nagpositibo sa ESBL o CPO

Natanggap mo ang polyeto ng impormasyong ito dahil nagpositibo ka sa bakterya na may ESBL o CPO sa isang sample na kinuha ng serbisyong pangkalusugan. Makakahanap ka rito ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang ESBL at CPO, at ano ang ibig sabihin nito para sa iyo.

Ano ang bakterya na may ESBL o CPO?

Ang ESBL ay mga katangian na nagiging sanhi ng hindi pagtalab ng iba't ibang uri ng antibiotic laban sa bakterya. Ang CPO ay tumutukoy sa bakterya na hindi tinatablan ng mas marami pang uri ng antibiotic kaysa sa mga bakterya na may ESBL. Sa tao, ang bakterya na may ESBL at CPO ay karaniwang matatagpuan sa bituka. Kung mayroon kang bakterya na may ESBL o CPO sa iyong bituka nang hindi nagkakasakit o nakakaranas ng anumang sintomas, itinuturing kang carrier ng bakterya na may ESBL o CPO. Itinuturing ka ring carrier ng ESBL o CPO kung ang bakterya ay unang natukoy bilang resulta ng isang impeksiyon.

Mapanganib ba ang pagiging carrier ng mga bakterya na gumagawa ng ESBL o CPO?

Karamihan sa mga taong carrier ng mga bakterya na gumagawa ng ESBL o CPO ay hindi nagkakaroon ng impeksiyon at hindi nagkakasakit dahil sa mga bakterya. Gayunpaman, kung magkaroon ka ng impeksiyong dulot ng mga bakterya na may ESBL o CPO, maaaring mas mahirap itong gamutin kaysa sa iba pang impeksiyong dulot ng parehong uri ng bakterya.

Paano naipapasa ang mga bakterya na gumagawa ng ESBL at CPO?

Ang mga bakterya na may ESBL at CPO ay matatagpuan sa bituka at nailalabas sa dumi. Maaaring mapunta ang bakterya sa iyong mga kamay pagkatapos gumamit ng palikuran o magkaroon ng kontak sa dumi. Mula roon, maaari nilang maipasa ang impeksiyon sa ibang tao, alinman sa pamamagitan ng direktang kontak o sa pamamagitan ng mga bagay at mga ibabaw, gaya ng mga hawakan ng pinto o iba pang mga ibabaw na nakontamina.

Ano ang maaari kong gawin upang mabawasan ang panganib na makahawa sa iba?

- Hugasan nang mabuti ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig:
 - bago maghanda o kumain ng pagkain
 - pagkatapos gumamit ng palikuran
 - pagkatapos magkaroon ng kontak sa mga likido ng katawan, halimbawa, kapag nag-aalaga ng mga sugat, urine bag o catheter
 - kapag halatang marumi ang iyong mga kamay
 - kapag bumibisita sa mga ospital, pasilidad ng pangangalaga o iba pang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan
- Labhan ang mga tuwalya at sapin sa kama sa temperaturang 90°C kung kaya ng tela ang temperaturang ito.
- Kapag naglilinis ng iyong bahay, linisin din ang mga hawakan ng pinto, hawakan ng mga kabinet at iba pang mga ibabaw na madalas hawakan.

Maaari ba akong pumasok sa nursery, paaralan o trabaho kung carrier ako ng mga bakterya na may ESB o CPO?

Ang mga batang carrier ng ESB o CPO ay maaaring pumasok sa nursery at paaralan, at makilahok sa mga aktibidad sa paglilibang at maglaro gaya ng dati.

Maaari ka ring pumasok sa trabaho gaya ng dati, kahit carrier ka ng ESB o CPO.

Tandaang sundin ang payo tungkol sa pagbabawas ng panganib na makahawa sa iba, gaya ng inilarawan sa itaas.

Sino ang kailangan kong sabihan na carrier ako ng mga bakterya na may ESB o CPO?

Ipaalam sa mga kawani ng pangangalagang pangkalusugan na carrier ka ng mga bakterya na gumagawa ng ESB o CPO kapag tumatanggap ka ng pangangalagang medikal, halimbawa, kapag nagpapatingin ka sa doktor o kapag na-admit ka sa ospital o pasilidad ng pangangalaga.

Ang impormasyon na carrier ka ng mga bakterya na gumagawa ng ESB o CPO ay itatala rin sa iyong mga medikal na rekord. Makakatulong ito sa mga kawani ng pangangalagang pangkalusugan na maiwasan ang pagkalat ng impeksiyon at piliin ang tamang uri ng paggamot kung magkaroon ka ng impeksiyon.

Kung ang **iyong kaniyap o sinumang kasama mo sa bahay** ay nangangailangan ng pangangalagang pangkalusugan, dapat din nilang ipaalam sa serbisyong pangkalusugan na nakatira sila kasama ng isang taong carrier ng mga bakterya na gumagawa ng ESB o CPO.

Hindi mo kailangang ipaalam sa iyong amo, katrabaho, kaibigan, paaralan o nursery na carrier ka ng mga bakterya na gumagawa ng ESB o CPO.

Anong mangyayari kapag ako ay na-admit sa ospital o pasilidad ng pangangalaga?

Kung carrier ka ng mga bakterya na gumagawa ng ESBL o CPO, maaaring kailangang magsagawa ng mga pag-iingat kapag ikaw ay na-admit sa ospital o pasilidad ng pangangalaga upang mabawasan ang panganib na kumalat ang mga bakterya sa iba. Ang mga hakbang na isasagawa ay depende sa sitwasyon. Maaaring kabilang dito, halimbawa:

- Isang pribadong kuwarto at pribadong palikuran
- Pagsusuot ng mga kawani ng pangangalagang pangkalusugan ng mga kagamitang pamproteksiyon gaya ng mga guwantes at gown kapag tinutulungan ka nila.
- Mas madalas na paglilinis ng mga kuwarto at kagamitan
- Sa ospital, maaaring kailanganin na ihiwalay ka sa iba. Nangangahulugan ito na hihilingin sa iyong manatili sa iyong kuwarto at hindi ka maaaring gumamit ng mga pampublikong lugar o magkaroon ng malapit na pakikisalamuha sa ibang mga pasyente.

Bagama't kinakailangan ang mga hakbang sa pagkontrol ng impeksiyon, may karapatan ka pa ring makatanggap ng parehong pangangalagang pangkalusugan gaya ng ibang mga pasyente.

Maaari ko bang maalís ang mga bakterya na gumagawa ng ESBL o CPO?

Walang paggamot ang makaiiwas sa iyo sa pagiging carrier ng mga bakterya na may ESBL o CPO. Sa ilang tao, maaaring mawala nang kusa ang mga bakterya paglipas ng panahon, ngunit maaaring tumagal ito ng ilang buwan o taon. Karaniwang hindi kinakailangan ang mga follow-up na pagsusuri.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa mga bakterya na may ESBL o CPO, mangyaring makipag-usap sa iyong doktor.

